Tagalog

Medicare Advantage and Prescription Drug Plan (MA & PDP) CAHPS® Survey

2022 Medicare Advantage Prescription Drug Survey

THIS PAGE INTENTIONALLY LEFT BLANK

Survey sa Karanasan sa Medicare sa 2022

MGA TAGUBILIN SA MEDICARE SURVEY

Ang survey po na ito ay magtatanong tungkol sa inyo at sa health care na natanggap ninyo sa nakaraang anim na buwan. Pakisagot po ang bawat tanong habang iniisip ninyo ang sarili ninyong karanasan at mga panahon na nakatanggap kayo ng health care nang personal, sa telepono o sa video call. Maingat pong sagutan at kumpletuhin ang survey na ito. Napakahalaga po para sa amin ang mga sagot ninyo. Pakibalik po ang nasagutan ninyong survey sa loob ng postage-paid na sobre para ipadala sa [SURVEY VENDOR].

- Kung binago po ninyo ang Medicare plan ninyo para sa 2022, pakisagutan po ang mga tanong habang iniisip ang mga naranasan ninyo sa huling 6 na buwan ng 2021.
- Pakisagutan po ang lahat ng mga tanong sa pamamagitan ng paglalagay ng "X" sa kahon na nasa kaliwa ng sagot ninyo, tulad nito:
  ☒
- Pakisigurado pong basahin ninyo ang lahat ng ibinigay na mapagpipiliang sagot bago markahan ang sagot ninyo.
- Paminsan-minsan, sasabihin po sa inyo na hindi ninyo kailangang sagutan ang ilang tanong sa survey na ito. Kapag nangyari po ito, may makikita kayong arrow na nagsasabi sa inyo kung anong tanong ang susunod na sasagutan, tulad po nito:**[→ --> Kung Hindi, Pumunta sa Tanong 3].** Pakitingnan ang halimbawa sa ibaba:

HALIMBAWA

1. Gumagamit po ba kayo ng hearing aid ngayon?

☐ Oo
☒ Hindi → **Kung Hindi, Pumunta sa Tanong 3**

2. Gaano katagal na po kayong gumagamit ng hearing aid?

☐ Wala pang isang taon
☐ 1 hanggang 3 taon
☐ Mahigit 3 taon na
☐ Hindi ako gumagamit ng hearing aid

3. Nito pong nakaraang 6 na buwan, nakaranas po ba kayo ng anumang pananakit ng ulo?

☒ Oo
☐ Hindi

Ayon sa Paperwork Reduction Act of 1995, walang taong pipiliting tumugon sa pagkolekta ng impormasyon malibang may ipapakitang wastong OMB control number. Para po ito sa mga mandatoryo at boluntaryong pagkolekta ng impormasyon. Ang wastong OMB control number para sa pagkolektang ito ng impormasyon ay **0938-0732**. Ang kabuuang oras na kailangan para makumpleto ang pagkolekta ng impormasyon ay humigit-kumulang **15 minuto**. Kasama rito ang oras sa pagsusuri ng mga tagubilin, paghahanap sa mga kasalukuyang data source, pagkolekta sa kinakailangang data, at pagkumpleto at pag-review ng nakolektang impormasyon. Kung may mga komento po kayo tungkol sa pagiging wasto ng (mga) tinantyang haba ng oras, o mga mungkahi para mapahusay pa ang form na ito, maaari po kayong sumulat sa: CMS, 7500 Security Boulevard, Attn: PRA Reports Clearance Officer, Mail Stop C1-25-05, Baltimore, Maryland 21244-1850.

1. Ipinapakita po ng mga record namin na noong 2021, ang inyong mga serbisyong pangkalusugan ay covered ng plan na nakapangalan sa likod ng pahina. Tama po ba ito?

☐ Oo → **Kung Oo, Pumunta sa Tanong 3**
☐ Hindi

2. Pakisulat po sa ibaba ang pangalan ng health plan ninyo noong 2021 at pakisagutan po ang natitirang bahagi ng survey batay sa mga karanasan ninyo sa plan na iyon. (Paki-print)

_____

Ang Inyong Health Care Nitong Nakaraang 6 na Buwan

3. Nito pong nakaraang 6 na buwan, nagkasakit po ba kayo, nasaktan o nagkaroon ng kondisyon na kinailangan ng agarang pagpapatingin at paggamot sa isang klinika, emergency room, tanggapan ng doktor?

☐ Oo
☐ Hindi → **Kung Hindi, Pumunta sa Tanong 5**

4. Nito pong nakaraang 6 na buwan, noong nangailangan kayo ng agarang pag-aalaga, gaano kadalas po kayong nakatanggap ng atensyon noong kinailangan agad ninyo ito?

☐ Hindi kailanman
☐ Paminsan-minsan
☐ Madalas
☐ Palagi

5. Nito pong nakaraang 6 na buwan, nagpa-appointment po ba kayo para magpa-check up o rutinang pangangalaga sa isang klinika o tanggapan ng doktor?

☐ Oo
☐ Hindi → **Kung Hindi, Pumunta sa Tanong 7**

6. Nito pong nakaraang 6 na buwan, gaano kadalas kayong nagka-appointment agad-agad para sa check-up o rutinang pag-aalaga noong kinailangan ninyo ito?

☐ Hindi kailanman
☐ Paminsan-minsan
☐ Madalas
☐ Palagi

7. Nito pong nakaraang 6 na buwan, hindi po isasama sa bilang ang beses na nagpunta kayo sa emergency room, ilang beses po kayong nagpunta sa klinika o tanggapan ng doktor para magpatingin para sa health care ninyo?

☐ Wala →**Kung Wala, Pumunta sa Tanong 9**
☐ 1 beses
☐ 2
☐ 3
☐ 4
☐ 5 hanggang 9
☐ 10 beses o higit pa

8. Kasama po sa oras ng paghihintay ang paghihintay sa waiting room at examination room. Nito pong nakaraang 6 na buwan, gaano kadalas pong nangyari na hinarap kayo agad ng taong pinuntahan ninyo, sa loob ng 15 minuto ng oras ng appointment ninyo?

- ☐ Hindi kailanman
- ☐ Paminsan-minsan
- ☐ Madalas
- ☐ Palagi

9. Gamit po ang 0 hanggang 10, kung saan ang 0 ay pinakamasamang posibleng health care, at ang 10 ay ang pinakamagandang posibleng health care, anong score po ang ibibigay ninyo sa lahat ng health care na tinanggap ninyo nitong nakaraang 6 na buwan?

- ☐ 0 Pinakamasamang health care
- ☐ 1
- ☐ 2
- ☐ 3
- ☐ 4
- ☐ 5
- ☐ 6
- ☐ 7
- ☐ 8
- ☐ 9
- ☐ 10 Pinakamagandang health care

10. Nito pong nakaraang 6 na buwan, gaano kadali pong makuha ang pangangalaga, mga test o treatment na kinailangan ninyo?

- ☐ Hindi kailanman
- ☐ Paminsan-minsan
- ☐ Madalas
- ☐ Palagi

Ang Personal Ninyong Doktor

11. Ang personal na doktor ay kung sino po ang pinupuntahan ninyo kapag kailangan ninyong magpa-check-up, kapag kailangan ng payo tungkol sa problema sa kalusugan, o kapag nagkasakit o nasaktan kayo. Mayroon po ba kayong personal na doktor?

- ☐ Oo
- ☐ Wala →**Kung Wala, Pumunta sa Tanong 27**

12. Nito pong nakaraang 6 na buwan, ilang beses po kayong pumunta sa personal na doktor ninyo para tumanggap ng pangangalaga para sa sarili ninyo?

- ☐ Wala →**Kung Wala, Pumunta sa Tanong 27**
- ☐ 1 beses
- ☐ 2
- ☐ 3
- ☐ 4
- ☐ 5 hanggang 9
- ☐ 10 beses o higit pa

13. Nito pong nakaraang 6 na buwan, gaano kadalas pong nangyari na madaling maintindihan o maunawaan ang pagpapaliwanag ng doktor ninyo?

- ☐ Hindi kailanman
- ☐ Paminsan-minsan
- ☐ Madalas
- ☐ Palagi

14. Nito pong nakaraang 6 na buwan, gaano kadalas pong nangyari na pinakinggan kayo nang husto ng inyong personal na doktor?

- ☐ Hindi kailanman
- ☐ Paminsan-minsan
- ☐ Madalas
- ☐ Palagi

15. Nito pong nakaraang 6 na buwan, gaano kadalas pong nangyari na nagpakita ng respeto ang doktor sa kung anong gusto ninyong sabihin?

- ☐ Hindi kailanman
- ☐ Paminsan-minsan
- ☐ Madalas
- ☐ Palagi

16. Nito pong nakaraang 6 na buwan, gaano kadalas pong nangyari na naglaan ng sapat na panahon ang personal na doktor ninyo para sa inyo?

- ☐ Hindi kailanman
- ☐ Paminsan-minsan
- ☐ Madalas
- ☐ Palagi

17. Gamit ang 0 hanggang 10, kung saan ang 0 ay ang pinakamasamang personal na doktor at ang 10 ay ang pinakamahusay na personal na doktor, ano pong score ang ibibigay ninyo sa inyong personal na doktor?

- ☐ 0 Pinakamasamang personal na doktor
- ☐ 1
- ☐ 2
- ☐ 3
- ☐ 4
- ☐ 5
- ☐ 6
- ☐ 7
- ☐ 8
- ☐ 9
- ☐ 10 Pinakamahusay na personal na doktor

18. Nito pong nakaraang 6 na buwan, noong nagpunta kayo sa inyong personal na doktor para sa naka-iskedyul na appointment, gaano kadalas po niyang hawak ang inyong mga medical record o iba pang impormasyon tungkol sa pangangalaga sa inyo?

- ☐ Hindi kailanman
- ☐ Paminsan-minsan
- ☐ Madalas
- ☐ Palagi

19. Nito pong nakaraang 6 na buwan, nag-order po ba ang doktor ninyo ng blood test, x-ray o iba pang test para sa inyo?

☐ Oo
☐ Hindi → **Kung Hindi, Pumunta sa Tanong 22**

20. Nito pong nakaraang 6 na buwan, noong nag-order po ang personal na doktor ninyo ng blood test, x-ray o iba pang mga test para sa inyo, gaano kadalas pong nangyari na may staff mula sa klinika o tanggapan ng doktor na nag-follow up sa inyo para ibigay sa inyo ang mga resulta ng test?

☐ Hindi Kailanman→ **Kung Hindi Kahit Kailan, Pumunta sa Tanong 22**
☐ Paminsan-minsan
☐ Madalas
☐ Palagi

21. Nito pong nakaraang 6 na buwan, noong nag-order po ang personal na doktor ninyo ng blood test, x-ray o iba pang test para sa inyo, gaano kadalas pong nangyari na nakuha ninyo ang mga resulta ng test sa sandaling kailangan na ninyo ito?

☐ Hindi kailanman
☐ Paminsan-minsan
☐ Madalas
☐ Palagi

22. Nito pong nakaraang 6 na buwan, uminom po ba kayo ng anumang iniresetang gamot?

☐ Oo
☐ Hindi → **Kung Hindi, Pumunta sa Tanong 24**

23. Nito pong nakaraang 6 na buwan, gaano kadalas po kayong nag-usap ng inyong personal na doktor tungkol sa lahat ng iniinom ninyong de-resetang gamot?

☐ Hindi kailanman
☐ Paminsan-minsan
☐ Madalas
☐ Palagi

24. Nito pong nakaraang 6 na buwan, tumanggap po ba kayo ng health care sa hindi lang isang uri ng health care provider o gumamit ng hindi lang isang uri ng health care service?

☐ Oo
☐ Hindi → **Kung Hindi, Pumunta sa Tanong 27**

25. Nito pong nakaraang 6 na buwan, nangailangan po ba kayo ng tulong mula sa sinuman sa tanggapan ng inyong personal na doktor para tulungan kayong asikasuhin ang pangangalaga sa inyo sa iba't ibang provider at serbisyong ito?

☐ Oo
☐ Hindi → **Kung Hindi, Pumunta sa Tangong 27**

26. Nito pong nakaraang 6 na buwan, natanggap po ba ninyo ang tulong na kailangan ninyo mula sa klinika o tanggapan ng inyong personal na doktor para maasikaso ang pangangalaga sa inyo sa iba't ibang provider at serbisyong ito?

- ☐ Oo, sigurado
- ☐ Oo, medyo
- ☐ Hindi

Pagtanggap ng Pangangala sa Kalusugan Mula sa Mga Espesyalista

27. Ang mga espesyalista po ay mga doktor tulad ng surgeon, mga doktor para sa puso, allergy, balat, at iba pang mga doktor na naka-specialize sa isang larangan ng health care. Ang inyo po bang personal na doktoray isang espesyalista?

- ☐ Oo → **Kung Oo, Pakisama ang inyong personal na doktor habang sinasagutan ninyo ang mga tanong na ito tungkol sa mga espesyalista**
- ☐ Hindi
- ☐ Wala akong personal na doktor

28. Nito pong nakaraang 6 na buwan, nagpa-appointment po ba kayo para magpatingin sa isang espesyalista?

- ☐ Oo
- ☐ Hindi → **Kung Hindi, Pumunta sa Tanong 33**
- ☐ May ibang tao na nagpa-appointment sa espesyalista para sa akin

29. Nito pong nakaraang 6 na buwan, gaano kadalas po kayo na nagpa-appointment agad-agad para magpatingin sa isang espesyalista noong kinailangan ninyo ito?

- ☐ Hindi kailanman
- ☐ Paminsan-minsan
- ☐ Madalas
- ☐ Palagi

30. Ilang espesyalista po ang tumingin sa inyo nitong nakaraang 6 na buwan?

- ☐ Wala → **Kung Wala, Pumunta sa Tanong 33**
- ☐ 1 espesyalista
- ☐ 2
- ☐ 3
- ☐ 4
- ☐ 5 o higit pang espesyalista

31. Gusto naming malaman ang rating ninyo sa espesyalistang pinakamadalas na tumingin sa inyo nitong nakaraang 6 na buwan. Gamit ang 0 hanggang 10, kung saan ang 0 ang pinakamasamang posibleng espesyalista, at ang 10 ay ang pinakamabuting posibleng espesyalista, ano pong score ang ibibigay ninyo sa espesyalistang iyon?

- ☐ 0 Pinakamasamang posibleng espesyalista
- ☐ 1
- ☐ 2
- ☐ 3
- ☐ 4
- ☐ 5
- ☐ 6
- ☐ 7
- ☐ 8
- ☐ 9
- ☐ 10 Pinakamahusay na posibleng espesyalista

32. Nito pong nakaraang 6 na buwan, gaano kadalas pong nangyari na mukhang may impormasyon at updated ang personal na doktor ninyo tungkol sa pangangalagang natanggap ninyo mula sa mga espesyalista?

- ☐ Hindi kailanman
- ☐ Paminsan-minsan
- ☐ Madalas
- ☐ Palagi
- ☐ Wala akong personal na doktor
- ☐ Hindi ako nagpunta sa doktor ko nitong nakaraang 6 na buwan
- ☐ Ang personal na doktor ko ay isang espesyalista

Ang Inyong Health Plan

33. Nito pong nakaraang 6 na buwan, nakatanggap po ba kayo ng impormasyon o tulong mula sa customer service ng inyong health plan?

- ☐ Oo
- ☐ Hindi → **Kung Hindi, Pumunta sa Tanong 36**

34. Nito pong nakaraang 6 na buwan, gaano kadalas pong nangyari na binigyan kayo ng impormasyon o tulong na kailangan ninyo ng customer service ng inyong health plan?

- ☐ Hindi kailanman
- ☐ Paminsan-minsan
- ☐ Madalas
- ☐ Palagi

35. Nito pong nakaraang 6 na buwan, gaano kadalas pong nangyari na tinrato kayo nang may paggalang at respeto ng customer service staff ng health plan ninyo?

- ☐ Hindi kailanman
- ☐ Paminsan-minsan
- ☐ Madalas
- ☐ Palagi

36. Nito pong nakaraang 6 na buwan, binigyan po ba kayo ng inyong health plan ng anumang form na dapat ninyong punan?

- ☐ Oo
- ☐ Hindi → **Kung Hindi, Pumunta sa Tanong 38**

37. Nito pong nakaraang 6 na buwan, gaano kadalas pong nangyari na madali lang para sa inyong punan ang mga form mula sa inyong health plan?

- ☐ Hindi kailanman
- ☐ Paminsan-minsan
- ☐ Madalas
- ☐ Palagi

38. Gamit po ang 0 hanggang 10, kung saan ang 0 ay pinakapangit na posibleng health plan, at ang 10 ay ang pinakamagandang posibleng health plan, anong score po ang ibibigay ninyo sa health plan ninyo?

- ☐ 0 Pinakapangit na posibleng health plan
- ☐ 1
- ☐ 2
- ☐ 3
- ☐ 4
- ☐ 5
- ☐ 6
- ☐ 7
- ☐ 8
- ☐ 9
- ☐ 10 Pinakamagandang posibleng health plan

39. Ang co-pay po ay kung magkano ang perang ibabayad ninyo kapag pumunta kayo sa klinika o tanggapan ng doktor. Nito pong nakaraang 6 na buwan, nag-alok po ba ang health plan ninyo na ibaba ang halaga ng co-pay ninyo dahil mayroon kayong karamdaman (tulad ng high blood pressure)?

- ☐ Oo
- ☐ Hindi
- ☐ Hindi ako sigurado
- ☐ Wala akong co-pay
- ☐ Wala akong karamdaman
- ☐ Inalukan ako ng mas mababang co-pay para sa iba pang dahilan

40. Ang inyong mga benepisyo sa health plan ay ang mga uri ng health care at serbisyong matatanggap ninyo sa inyong plan. Nito pong nakaraang 6 na buwan, nag-alok po ba ng mga karagdagang benepisyo ang inyong health plan dahil mayroon kayong karamdaman (halimbawa tulad ng high blood pressure)?

- ☐ Oo
- ☐ Hindi
- ☐ Hindi ako sigurado
- ☐ Wala akong karamdaman
- ☐ Inalukan ako ng mga karagdagang benepisyo para sa iba pang dahilan

Ang Inyong Prescription Drug Plan

Ngayon po may mga tanong kami tungkol sa coverage ng prescription drug na nakukuha ninyo sa inyong prescription drug plan.

41. Nito pong nakaraang 6 na buwan, mayroon po bang sinuman mula sa tanggapan ng doktor, drug store o mula sa inyong prescription drug plan na nakipag-ugnayan sa inyo:

	Oo	Hindi
a. Para masigurong nakabili o muling nakabili kayo ng de-resetang gamot?	☐	☐
b. Para masigurong iniinom ninyo ang gamot ninyo ayon sa itinagubilin?	☐	☐

42. Nito pong nakaraang 6 na buwan, gaano kadalas pong nangyari na naging madali lang para sa inyong gamitin ang inyong prescription drug plan para makuha ang mga gamot na inireseta ng doktor ninyo?

- ☐ Hindi kailanman
- ☐ Paminsan-minsan
- ☐ Madalas
- ☐ Palagi
- ☐ Hindi ko ginamit ang prescription drug plan ko para kumuha ng mga gamot nitong nakaraang 6 na buwan

43. Nito pong nakaraang 6 na buwan, ginamit po ba ninyo ang inyong prescription drug plan para bumili ng nakaresetang gamot sa inyong lokal na drug store?

- ☐ Oo
- ☐ Hindi → **Kung Hindi, Pumunta sa Tanong 45**

44. Nito pong nakaraang 6 na buwan, gaano kadalas pong nangyari na naging madali lang para sa inyo na gamitin ang inyong prescription drug plan para bilhin ang mga nasa reseta ninyo sa inyong lokal na drug store?

- ☐ Hindi kailanman
- ☐ Paminsan-minsan
- ☐ Madalas
- ☐ Palagi
- ☐ Hindi ko ginamit ang prescription drug plan ko para bilhin ang reseta sa aking lokal na drug store nitong nakaraang 6 na buwan

45. Nito pong nakaraang 6 na buwan, ginamit po ba ninyo ang inyong prescription drug plan para bumili ng gamot para ipadala sa mail?

- ☐ Oo
- ☐ Hindi → **Kung Hindi, Pumunta sa Tanong 47**
- ☐ Hindi ako sigurado kung nag-aalok ang drug plan ko ng reseta na ipinapadala sa mail → **Pumunta sa Tanong 47**

46. Nito pong nakaraang 6 na buwan, gaano kadalas pong nangyari na naging madali lang para sa inyo na gamitin ang inyong prescription drug plan para bumili ng gamot para ipadala sa mail?

- ☐ Hindi kailanman
- ☐ Paminsan-minsan
- ☐ Madalas
- ☐ Palagi
- ☐ Hindi ko ginamit ang prescription drug plan ko para bumili ng reseta na ipinapadala sa mail nitong nakaraang 6 na buwan
- ☐ Hindi ako sigurado kung nag-aalok ang drug plan ng gamot ko ng reseta na ipinapadala sa mail

47. Gamit po ang 0 hanggang 10, kung saan ang 0 ay pinakamasamang prescription drug plan, at ang 10 ay ang pinakamagandang prescription drug plan, anong score po ang ibibigay ninyo sa prescription drug plan ninyo?

- ☐ 0 Pinakamasamang posibleng prescription drug plan
- ☐ 1
- ☐ 2
- ☐ 3
- ☐ 4
- ☐ 5
- ☐ 6
- ☐ 7
- ☐ 8
- ☐ 9
- ☐ 10 Pinakamagandang posibleng prescription drug plan

Tungkol sa Inyo

48. Sa pangkalahatan, paano po ninyo ire-rate ang kabuuang kalusugan ninyo?

- ☐ Talagang napakahusay
- ☐ Napakahusay
- ☐ Mahusay
- ☐ Tama lang
- ☐ Hindi mahusay

49. Sa pangkalahatan, paano po ninyo ire-rate ang kabuuan ng inyong <u>pangkaisipan o emosyonal na</u> kalusugan?

- ☐ Talagang napakahusay
- ☐ Napakahusay
- ☐ Mahusay
- ☐ Tama lang
- ☐ Hindi mahusay

50. Nito pong nakaraang 6 na buwan, na-confine po ba kayo ng isang gabi o higit pa sa isang ospital?

- ☐ Oo
- ☐ Hindi

51. Nito pong nakaraang 6 na buwan, ipinagpaliban po ba ninyo o hindi ninyo binili ang nakaresetang gamot dahil pakiramdam ninyo ay hindi ninyo ito maa-afford?

- ☐ Oo
- ☐ Hindi
- ☐ Hindi ako niresetahan ng doktor ko ng anumang gamot nitong nakaraang 6 na buwan

52. Nito pong nakaraang 6 na buwan, nakatanggap po ba kayo ng anumang mail-order na gamot na hindi ninyo hiniling o inorder?

☐ Oo
☐ Hindi
☐ Hindi alam

53. May doktor po ba na nagsabi sa inyo kailanman na nagkaroon kayo ng alinman sa sumusunod na kondisyon?

	Oo	**Hindi**
a. Atake sa puso	☐	☐
b. Angina o coronary heart disease?	☐	☐
c. Alta-presyon o high blood pressure?	☐	☐
d. Kanser, maliban sa kanser sa balat ?	☐	☐
e. Emphysema, hika o COPD (chronic obstructive pulmonary disease)?	☐	☐
f. Anumang klase ng diyabetis o high blood sugar?	☐	☐

54. Napakahirap po ba sa inyong maglakad o umakyat ng hagdan?

☐ Oo
☐ Hindi

55. Nahihirapan po ba kayong magbihis o maligo?

☐ Oo
☐ Hindi

56. Dahil sa pisikal, pangkaisipan o emosyonal na kondisyon, nahihirapan po ba kayong asikasuhin ang mga kailangan ninyong puntahan o lakarin tulad ng pagpunta sa tanggapan ng doktor o pamimili?

☐ Oo
☐ Hindi

57. Nakatanggap na po ba kayo ng flu shot mula noong July 1, 2021?

☐ Oo
☐ Hindi
☐ Hindi alam

58. Tumanggap na po ba kayo kailanman ng isa o higit pang injection laban sa pulmonya (pneumonia shot)? Karaniwang binibigyan ng dalawang shot sa buong buhay ng isang tao, at iba pa ito sa flu shot. Tinatawag din po itong pneumococcal vaccine.

☐ Oo
☐ Hindi
☐ Hindi alam

59. Naninigarilyo po ba kayo ngayon o gumagamit ng tabako araw-araw, ilang araw lang o hindi?

- ☐ Araw-araw
- ☐ Ilang araw
- ☐ Hindi kailanman → **Kung Hindi kailanman, Pumunta sa Tanong 61**
- ☐ Hindi alam → **Kung Hindi alam, Pumunta sa Tanong 61**

60. Nito pong nakaraang 6 na buwan, gaano kadalas po kayong <u>pinayuhan</u> ng doktor o iba pang health provider na huminto sa paninigarilyo o paggamit ng tabako?

- ☐ Hindi kailanman
- ☐ Paminsan-minsan
- ☐ Madalas
- ☐ Palagi
- ☐ Walang pagbisita nitong nakaraang 6 na buwan

61. Ano po ang pinakamataas na antas ng pag-aaral na natapos ninyo?

- ☐ Grade 8 o mas mababa,
- ☐ Ilang taon sa High School, pero hindi nakatapos
- ☐ Naka-graduate ng High School o GED
- ☐ Ilang taon sa kolehiyo o 2-year degree
- ☐ Naka-graduate ng 4-Year na College Degree
- ☐ Mahigit sa 4 na taong college degree

62. Mayroon po ba kayong Hispanic o Latinong pinagmulan?

- ☐ Oo, Hispanic o Latino
- ☐ Hindi Hispanic o Latino

63. Ano po ang lahing pinagmulan ninyo? Pakimarkahan ang isa o higit pa.

- ☐ White
- ☐ Black o African-American
- ☐ Asian
- ☐ Native Hawaiian o iba pang Pacific Islander
- ☐ American Indian o Alaska Native

64. Ilang tao po ang nakatira sa sambahayan ninyo ngayon, kasama kayo?

- ☐ 1 tao
- ☐ 2 hanggang 3 tao
- ☐ 4 na tao o higit pa

65. Gumagamit po ba kayo ng internet sa bahay?

- ☐ Oo
- ☐ Hindi

66. Maaari po bang mag-follow-up sa inyo ang Medicare Program para malaman ang higit pang impormasyon tungkol sa health care, o para imbitahan kayo sa isang group discussion o interview tungkol sa mga paksang may kinalaman sa health care?

☐ Oo
☐ Hindi

67. May tumulong po ba sa inyo para sagutan ang survey na ito?

☐ Oo
☐ Wala → **Salamat po. Pakibalik po ang nakumpletong survey sa loob ng postage-paid envelope.**

68. Paano po kayo tinulungan ng taong iyon? Pakimarkahan ang isa o higit pa.

☐ Binasa ang mga tanong para sa akin
☐ Sinulat ang mga sagot na binigay ko
☐ Sinagutan ang mga tanong para sa akin
☐ Isinalin ang mga tanong sa wika ko
☐ Tinulungan ako sa iba pang paraan

Salamat po.

Pakibalik po ang nakumpletong survey sa loob ng postage-paid envelope.

[SURVEY VERNDOR RETURN ADDRESS FOR MAIL PROCESSING]

Pangalan ng Kontrata:_____

[OPTIONAL]
Maaaring alam din ninyo ang plan ninyo sa isa sa sumusunod: